# Plaka

*Joseph C. Eco, EdD*

Nahuli ako kahapon, habang masaya sa may sikat saming pasyalan.

Sa pagbalik sa motor kong ay may papel

Na naglalaman ng pagkakamali ko.

Nakasaad dito ang petsa ngunit walang tiyak na oras o panahon.

Kasama ang may-bahay kong nagdadalang tao

Ay tinungo naming ang plaka sa himpilan.

Sa mapagpakumbabang pagtatanong, inilapit ko ang aking dahilan,

Ngunit tugon ay mapagmataas na panunumbat

Na tilay nagsasabing wala akong karapatang magtaka

Sapagkat hamak lamang na motor ang gamit.

Ngunit muli, aking tinugon ng may pagpapakumbaba.

Marahil sa katayuan din talaga nakikita ang pagpapahalaga

Sa mapaniil na lipunang ang dukkha ay walang panahon

Para magpaliwanag, para madinig ang daing.

Marahil ang plaka kong 'di naman opisyal ay siyang tanda

Na kahit pareho na sa numero nakabase ang tumatakbong makina

Ay may ‘di patas na pagtingin sa plakang sa likod lang makikita.